# Mga Importanteng Paalala sa Rehistrasyon ng Botante

**ILAGAY ANG iyong** impomasyon. (*Tingnan ang mga instruksyon*)

**IPRINTA** sa pamamagitan ng pag-klik sa asul na buton sa huling pahina ng iyong porma ng rehistrasyon.

**PIRMAHAN** ang porma (at, kung iyong hinihiling upang maging isang permanenteng botante sa balotang pangkoreo, lagyan mo ang INISYAL ang iyong kahilingan)

**IPAKOREO** ang porma sa isang sobre sa:

> **Tagapagrehistro ng mga Botante**
> **PO Box 85093**
> **San Diego, CA 92186-9910**

Ang porma ay dapat may tatak pangkoreo sa 15 mga araw bago sa eleksiyon para balido sa eleksiyong ito

**TUMAWAG** (858) 565-5800 kung ikaw may mga katanungan

- Upang mag-ulat sa pandaraya, tumawag sa hotline ng Sekretarya ng Estado, sa 1-800-345-VOTE o email elections@sos.ca.gov
- Ang mga Botanteng nagkakaroon ng mga sitwasyon na nanganganib ang kanilang buhay ay maaring maging karapat-dapat na kumpidensyal sa katayuan ng botante. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang Sekretarya ng Estado sa programa ng Ligtas sa Bahay o bisitahin ang Web site ng Sekretarya ng Estado sa www.sos.ca.gov.
- Ang batas ay nagproprotekta sa iyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante laban sa pangkomersyal na paggamit. Iulat ang anumang mga problema sa Sekretarya ng Estado sa Hotline ng Botante 1 (800) 345-8683.

Iprinta ang Porma

## Mga Instruksiyon:

**ILAGAY ANG IYONG UNANG PANGALAN, GITNANG PANGALAN o INISYAL, at APELYIDO.**
Maaaring gamitin ang isang inisyal para sa unang pangalan o gitnang pangalan kung siya ay palagiang pumipirma sa paraang ito. Halimbawa: E. Marion Smith o Elaine M. Smith.
Kung walang gitnang pangalan, iwanang blangko. Halimbawa: Jane (NMI) Botante.
Ang babaeng may asawa ay kailangang gumamit ng kanyang sariling unang pangalan. Halimbawa: Jane Q. Botante, hindi Ginang John Botante.
Maaaring gamitin ang may gitling na apelyido. Halimbawa: Richards-Smith.
Maaaring gamitin ang Jr., Sr., I, II, III, IV, atbp. pagkatapos ng apelyido. Halimbawa: John Q. Botante, Jr.
Huwag gumamit ng mga titulo tulad ng Dr., Rev., Lt., Capt., atbp. Halimbawa: Jane Q. Botante, hindi Dr. Jane Q. Botante.

Ilagay ng **IYONG KUMPLETONG ADRES NG TIRAHAN** kung saan nakatira ang **aplikante** kabilang ang lunsod at zip code. Mangyaring isama ang Hilaga, Timog, Silangan, Kanluran, kung naaangkop, at kung ito ay isang kalye, abenida, daan, landas, tuluyan, daanan, sirkulo, atbp. Ang isang Post Office Box o Adres ng Negosyo ay **HINDI TINATANGGAP** bilang isang **tirahang** adres.

**KUNG WALA KANG ISANG KUMPLETONG ADRES NG KALYE,** ilarawan ang kinaroroonan sa pamamagitan ng pagbibigay sa pangalan ng may-ari ng ari-arian at isang legal na paglalarawan tulad ng seksiyon, bayan at sakop, o ang numero ng parsela ng tagatasa. Kung Ikaw:

1. Ay nakatira sa isang bapor, dapat mong gamitin ang pangalan at adres ng marina o daungan kabilang ang numero ng kinalalagyan o paradahan ng bapor sa Kahon ④. Ilimbag ang adres ng koreo sa linyang ⑦.
2. Ay nasa puwersang armada at nakatira sa isang barko o sa isang himpilan ng trabaho, kailangang mong ibigay niya ang pangalan ng barko o himpilan ng trabaho sa Kahon ④. Ilimbag ang adres ng koreo sa linyang ⑦.
3. Ay walang tirahan, kailangan mong ibigay ng eksaktong paglalarawan kung saan ka nakatira. Ibilang ang mga nagkukurus na kalye, mga tulay o ibang mga pagkakakilanlang marka sa Kahon 2. Halimbawa: SW kanto ng Kalyeng 5th & F Ilimbag ang adres ng koreo (kailangan) kung saan siya ay nakakatanggap ng koreo sa linyang ⑦.

**ILAGAY ANG ADRES NG KOREO** kung ito ay iba kaysa sa nasa linyang ④, tulad ng isang post office box, adres ng negosyo, atbp. Kung ang nakarehistro ay gumagamit ng isang pribadong kompanya ng kahon ng koreo – ibilang ang numero ng PMB.

**ILAGAY ANG PETSA NG KAPANGANAKAN (SAPILITAN). Isulat ang Buwan, Araw, Taon** (08/22/36). Kung ang aplikante ay 17 taong gulang, siya ay maaaring magparehistrong bumoto kung siya ay magiging 18 taong gulang sa o bago ang petsa ng susunod na eleksiyon.

**ILAGAY ANG LUGAR NG KAPANGANAKAN.** Pangalan ng **Estado sa Estados Unidos,** kung ipinanganak sa EU, o ang pangalan ng **Bansa.** kung ipinanganak sa labas ng EU.

**ILAGAY ANG LISENSIYA NG PAGMAMANEHO SA CALIFORNIA O NUMERO NG ID** Ang batas Pederal ay nag-aatas na ang nakarehistro ay magbigay ng kanyang lisensiya ng pagmamaneho sa California o numero ng ID sa California. Kung ikaw ay wala ng isa nito kailangan mong ibigay ang huling 4 na numero ng iyong **NUMERO NG SEGURO SOSYAL.** Kung ikaw ay walang isang lisensiya ng pagmamaneho o numero ng seguro sosyal, ang estado ay magtatakda ng isang natatanging numero sa nakarehistro. Ikaw ay maaring atasang magpakita ng pagkakakilanlan kapag ikaw ay bumoto.

**ILAGAY ANG NUMERO NG TELEPONO AT ADRES NG EMAIL** Ang impormasyong ito ay hindi sapilitan subalit tunay na nakakatulong sa pagproseso ng iyong apidabit. Kung ikaw ay may isang hindi nakalistang numero ng telepono, ang numero ng telepono ay hindi dapat ilagay sa kard ng pagpaparehistro. Ang mga talaan ng botante ay lihim na ngayon, subalit, ang impormasyon ng botante ay maaring makuha para sa mga layuning pampaaralan, pamperyodiko, o panggobyerno.

**ILAGAY ANG PARTIDONG PAMPULITIKA.** Kung nais mong walang kinasasapiang partido, markahan ang "HINDI" sa linya 14. Kung minarkahan ang "iba", isulat ang pangalan ng partidong nagustuhan**.** Kung iniwang blangko, ipapalagay na ang botante ay "tumangging magpahayag".

Ang anim na kwalipikadong partidong pampulitika sa California ay Amerikanong Independeyente, Demokratiko, Luntian, Libertaryan, Kapayapaan at Kalayaan, Republikano, at Mga Amerikano Bumoto.

**PERMANENTENG PANGKOREONG BOTANTE** Kung nais mong maging isang permanenteng pangkoreong botante mangyaring lagyang ng inisyal kung saan nararapat.

**ANG DATING REHISTRASYON ay kailangang kumpletuhin.** Kung ikaw ay kasalukuyang isang nakarehistrong botante sa ating county, ibang county, o ibang estado, mangyaring kumpletuhin ang bahaging dating pagpapparehistro. Kung ikaw ay dating nakarehistro sa ibang pangalan, mangyaring ibigay sa amin ang impormasyong ito.

Markahan ang wika ma kagustuhan sa C sa (Opsyonal) na kahon, upang makatanggap ng material na pagboto sa in (Espanyol, Filipino o Vietnamese).

**ANG SINUMANG TAO NA TUMUTULONG MAGKUMPLETO O NAG-ASISTIHAN** sa iyo sa paghahatid sa pormang ito ay dapat ilagay ang

**Pangalan**
**Numero ng Telepono**
**Adres**, at kanilang
**Pirma**.
Ang **Petsa**, at Ang **Pangalan** at **Numero ng Telepono** ng tao, kompanya, o organisasyon.

**KAILANGAN MONG MAGING ISANG MAMAMAYAN NG ESTADOS UNIDOS!**
Markahan ang naaangkop na kahon (tingnan ang linyang 17). Kung "HINDI," isang pagkakasalang pangkriminal ang magrehistrong bumoto.

**KAILANGAN MONG 18 TAON NG EDAD SA SUSUNOD NA ELEKSIYON!**
Ang isang taong karapat-dapat bumoto ay kailangang isang mamamayan ng Estados Unidos, isang residente ng California, wala sa bilangguan o hindi parolado para sa napatunayang krimen, at hindi kukulangin sa 18 taong gulang sa araw ng eleksiyon.

**ANG PIRMA at mga KAHONG MAMARKAHAN ay sapilitan.** Ipabasa sa nakarehistro ang porma para sa kawastuhan kabilang ang "Babala", ang "Pagpapahayag ng Botante" at markahan ang naaangkop na mga kahong mamarkahan bago pirmahan.
Ang Ginoo, Ginang, Binibini o Ms. ay hindi dapat isali sa pirma.
Ang isang babae ay dapat pumirma sa kanyang sariling pangalan -- hindi sa kanyang asawa. Halimbawa: *Jane Smith* **-- hindi** *Ginang John Smith.*
Ang kapangyarihan ng abogado ay hindi tinatanggap. Kung ang isang tao ay hindi makasulat sa kanyang pangalan sa anumang dahilan:

1. Ikay ay kailangang gumawa ng isang "X" at
2. Ibilang ang pahayag na ito: "Ang kanyang marka ay sinaksihan ni." at ang
3. Mga pirma ng **isang** mga saksi. Halimbawa "X" Ang kanyang marka sinaksihan ni *John Witness*

Paunawa: Ang pirmang ito ay ikukumpara sa mga panghinaharap na pirma para sa mga petisyon at mga kagamitan ng pagboto ng pangkoreong pagboto.
**ANG PETSA ay sapilitan.** Ang nakarehistro ay kailangang magsulat sa kasalukuyang petsa, gumagamit ng mga numero lamang. Halimbawa: 10/07/00.

**BABALA: Ikaw ay iligal na magparehistro upang bumoto kung ikaw ay hindi karapat-dapat o mapanlinlang na irehistro ang ibang mga tao. Paparusahan sa pamamagitan ng hanggang tatlong taon sa bilangguan.**